## APPLICATION

- Ano ang tatlong bagay na lubos mong ipinagpapasalamatan? Paano mo magagawang pagyamanin ang pagiging mapagpasalamat sa iyong puso araw-araw?
- Nasisiyahan ka ba sa panahong ito ng iyong buhay? Paano mo magagawang maging kontento kay Kristo simula ngayong linggo?
- Paano mo magagawang bantayan ang iyong sarili laban sa paghahangad na yumaman at sa halip ay mahalin ang Diyos? Ano ang isang bagay na kailangan mong talikurang gawin simula ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa napakalaking pakinabang na natatamasa natin sa Kanya. Ipanalangin na lagi kang magiging kontento sa Kanya.
- Hilingin sa Diyos na siyasatin ang iyong puso at ihayag ang anumang bagay na hindi nagbibigay karangalan sa Kanya. Magpasya na mahalin Siya ng buong puso, kaluluwa, at lakas sa bawat araw ng iyong buhay.
- Ipanalangin na ikaw ay maging isang maka-Diyos na halimbawa sa iba habang pinipili mo ang mga pamamaraaan ng Diyos higit sa pamamaraan ng mundo.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph



# Kasakiman laban sa Kapanatagan

## NOTES

## WARM-UP

- Kung may bibilhin ka na isang bagay at hindi magiging hadlang ang pera, ano ang pipiliin mong bilhin? Bakit ito ang napili mong bilhin?
- Ano ang isang bagay na nag-aalab sa iyong puso? Paano mo pinagsisikapang makamit ang bagay na ito?
- Ano ang isang aral na natutunan mo sa iyong mga magulang o tagapag-alaga tungkol sa pera?

**WORD** *[6]Kung sabagay, daig pa ng taong namumuhay nang banal at kontento na sa kalagayan ang mayaman. [7]Ang totoo, wala tayong dinala sa mundong ito, at wala rin tayong madadala pag-alis dito.* **1 TIMOTEO 6:6,7**

---

Bagama't sinasabi sa atin ng mundo na malaking kapakinabangan ang yaman at iba pang mga bagay sa ating buhay, sinasabi sa Bibliya na mayroon din tayong malaking pakinabang sa pagkakaroon ng kabanalan na may kapanatagan ng loob. Kung ano man ang mayroon tayo at kung sinoman tayo ay hindi dahil sa ating mga sarili. Ito ay dahil lamang sa kung sino ang Diyos at kung paano niya tayo pinagpala. Tayo ay mawawalan ng kabuluhan kung wala Siya. Samakatwid, maari nating piliin ang makamundong paraan ng kasakiman at kasamaan, o kaya ay piliin ang kaparaanan ng Diyos, na nagbubunga ng kapanatagan ng loob. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong paraan upang mapangalagaan ang ating mga sarili laban sa kasakiman.

## 1 Matutong maging kontento kay Kristo.

*Kung sabagay, daig pa ng taong namumuhay nang banal at kontento na sa kalagayan ang mayaman.* **1 TIMOTEO 6:6**

*Hindi ko sinasabi ito dahil nanghihingi ako ng tulong sa inyo. Sapagkat natutunan kong maging kontento anuman ang kalagayan ko.* **MGA TAGA-FILIPOS 4:11**

Natutunan ni Pablo na maging kontento anuman ang mayroon siya o wala. Siya ay kontento kay Kristo. Sa parehong paraan, napagtatagumpayan natin ang kasakiman sa pamamagitan ng pagiging kontento sa anumang ibinibigay sa atin ng Diyos. Sa halip na tignan kung ano ang wala tayo, dapat tayong magpasalamat sa katapatan ng Diyos sa ating buhay. Bakit natin kailangang matutunang maging kontento? Bakit ito mahirap gawin?

## 2 Mahalin ang Diyos, hindi ang pera.

*[9]Ang mga taong naghahangad yumaman ay nahuhulog sa tukso, sa isang bitag na mapanira at walang kabuluhang mga hangarin na nagdadala sa kanila sa kapahamakan. [10]Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ang siyang ugat ng lahat ng kasamaan. Ang sobrang paghahangad ng salapi ang nagtulak sa iba na tumalikod sa pananampalataya at nagdulot ng maraming paghihinagpis sa buhay nila.* **1 TIMOTEO 6:9,10**

Ang paghahangad sa yaman ay isang bitag. Dahil hindi natin namamalayan ang panganib, maaari itong magdala sa atin sa kasalanan, kapahamakan, o pagkawasak ng ating mga buhay. Ang pagmamahal sa pera ay nagbubunga ng kasalanan at naglalayo sa atin mula sa Diyos. Sinabi ni Jesus na bilang Kaniyang mga taga-sunod, hindi natin maaaring pagsilbihan ang Diyos at ang salapi (Lucas 16:13). Ano ang pinakadakilang utos ng Diyos (Deuteronomy 6:5)?

## 3 Hangarin ang kabanalan.

*Ngunit ikaw, bilang lingkod ng Diyos, iwasan mo ang mga bagay na iyan. Sikapin mong mamuhay nang matuwid, banal, may matibay na pananampalataya, mapagmahal, mapagtiis, at mabait sa kapwa.* **1 TIMOTEO 6:11**

Kung tayo ay mga taga-sunod ni Kristo, tayo ay naatasan na umiwas sa pagmamamahal sa pera, kasakiman, at kasalanan. Sa halip, dapat nating hangarin at piliing gawin kung ano ang makapagbibigay karangalan sa Diyos. Hindi tayo maaaring mamuhay sa makamundong pamamaraaan. Alalahanin ang isang pagkakataon kung kailan pinili mong gawin kung ano ang tama at maka-Diyos kahit na ito ay mahirap gawin. Ano ang nangyari dahil sa iyong naging desisyon?